# fMCH Jurisdictional Survey Eligibility and Consent Scripts

## ***Eligibility***

**Kamusta, _________ ang pangalan ko. Bahagi ako ng isang pag-aaral ng pananaliksik na ginagawa upang mass maintindihan** ang kalusugan ng mga ina at mga anak **sa [American Samoa/Mga Pederadong Estado ng Micronesia/Mga Isla ng Marshall/Mga Isla ng Hilagang Mariana/Palau]. Ang paglahok mo sa pag-aaral na ito ay mangangailangan ng pagsagot sa isang serye ng mga tanong tungkol sa kalusugan mo at ng iyong mga anak.**

1. **Random na napili ang iyong tahanan. Maaari ba kitang tanungin ng ilang katanungan upang malaman kung karapat-dapat kang lumahok sa pag-aaral na ito?**
   1 Oo [go to 2]
   2 Hindi [Thank individual for their time and leave]
   99 Refused to Answer [Thank individual for their time and leave]

2. **Ikaw ba ay 18 na taong gulang o mas matanda pa (o babaeng guardian/pangunahing tagapangalaga)?**
   1 Oo [go to 3]
   2 Hindi [Thank individual for their time and leave]
   99 Refused to Answer [Thank individual for their time and leave]

3. **Ikaw ba ay ina ng isang bata na 0 hanggang 17 na taong gulang na nakatira sa iyong sambahayan?**
   1 Oo [go to screener]
   2 Hindi [Thank individual for their time and leave]
   99 Refused to Answer

4. **Mayroon bang babae sa inyong sambahayan na 18 taong gulang o mas matanda na nanay o babaeng guardian/caregiver ng isang batang 0 hanggang 17 taong gulang na maaari kong makausap?**
   1 Oo [Go to beginning]
   2 Oo ngunit hindi siya available [Go to 5]
   3 Hindi [Thank individual for their time and leave]
   99 Tumangging Sumagot [Thank individual for their time and leave]

5. **Mayroon bang mas magandang oras upang bumalik at makausap siya?**
   1 Oo [Go to beginning]
   2 Hindi [Thank individual for their time and leave]
   99 Tumangging Sumagot [Thank individual for their time and leave]

***Consent***

**Nagsasagawa kami ng survey upang higit pang matutunan ang tungkol sa kalusugan ng ina at bata. Ang survey na ito ay bahagi ng Title V MCH Block Grant program, na pinondohan ng Health Resources and Services Administration (HRSA).**

**Makakatulong ang iyong mga tugon sa mga lokal na programa sa Kalusugan ng Ina at Bata upang mas mahusay na maunawaan ang kalusugan ng mga ina at bata sa inyong lugar at gagamitin ang mga ito upang makatulong na mapahusay at makapaghatid ng mga serbisyo sa mga pamilya. Aabutin lang dapat ang survey nang humigit-kumulang 50 minuto at ang mga tanong ay tungkol sa iyong kalusugan at sa kalusugan ng iyong anak.**

**Hindi mo kailangang sumali sa pag-aaral na ito. Maaari kang pumayag na lumahok sa pag-aaral ngayon at magbago ng isip sa hinaharap. Hindi mo kailangang sagutin ang anumang mga katanungan na ayaw mong sagutin.**

**Maaaring hindi ka maging kumportable sa ilang tanong, ngunit bukod sa mga posibleng pakiramdam na iyon, walang nalalamang panganib sa iyo o sa iyong pamilya kung pipiliin mong lumahok.**

**Kung pipiliin mong lumahok, hindi ka makakatanggap ng bayad para sa iyong paglahok sa pananaliksik na ito.**

**Mananatiling pribado ang iyong mga tugon. Ang mga tanging mga tao lang na pinapayagang makakita ng iyong mga sagot ay ang mga taong nag-aaral nito at ang mga taong nagsisigurong pinapatakbo namin ang pag-aaral sa tamang paraan. Hindi ilalagay ang iyong pangalan sa survey kasama ng iyong mga sagot. Gagamit kami ng code na numero upang subaybayan ang iyong mga sagot, hindi ang iyong pangalan.**

**Ang sarbey ay hindi nagtatanong tungkol sa pang-aabuso o pagpapabaya ng bata. Kung malaman namin ang tungkol sa pang-aabuso o pagpapabaya ng bata na nangyayari ngayon o nagpapatuloy, kailangan naming iulat ito sa wastong mga awtoridad.**

**Mangyaring makipag-ugnayan kay X sa (XXX) XXX-XXXX o sa JMCH@norc.org para sa anumang mga katanungan, mga reklamo o mga alalahanin tungkol sa pag-aaral na ito. Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang kalahok sa pananaliksik, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng NORC Institutional Review Board sa pamamagitan ng walang-bayad na numero ng telepono sa (866) 309-0542.**

**Iiwan ko ang papel na ito sa iyo upang mayroon kang tala ng sinabi ko ngayon.** [Provide the paper copy of the informed consent language]

A. **Mayroon ka bang anumang mga katanungan?**
   Oo [Answer questions, then go to B]
   Hindi [Go to B]
   Tumangging Sumagot [Thank individual for their time and leave]
B. **Sumasang-ayon ka bang sagutan ang mga tanong sa survey?**
   Oo [Thank individual and begin the questionnaire]
   Hindi [Thank individual for their time and leave]

Tumangging Sumagot [Thank individual for their time and leave]